Republic of the Philippines
Department of Education
REGION VIII
NORTHERN SAMAR DIVISION

Hulyo 2, 2025

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN BILANG 195

Sa mga: TAGAMASID PAMPUROK
PINUNO AT NAMUMUNO NG PAARALAN
TAGAPAGTAGUYOD NG FILIPINO

Paksa: Pagpupulong para sa Pagsusulong ng Asignaturang Filipino, Pagpapaunlad ng Proyektong ARAL, at Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa

1. Alinsunod sa itinakda ng Proklamasyon Blg.1041, s.1997 ang Buwan ng wikang Pambansa 2025 ay ipagdiriwang sa Agosto 1-31, 2025 na may Temang: *"PAGLINANG SA FILIPINO AT KATUTUBONG WIKA MAKASAYSAYAN SA PAGKAKAISA NG BANSA"*.

2. Hinggil dito magkakaroon ng pagtitipon sa darating na Hulyo 4, 2025 sa ganap na alauna (1:00) ng hapon. Ito ay upang talakayin at planuhin ang mga pangunahing adhikain para sa ikauunlad ng asignaturang Filipino, ang pagpapalawig at pagpapaunlad ng proyektong ARAL, at ang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa. Ang nasabing miting ay isang mahalagang hakbang upang maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nito, mapalakas ang kampanya sa pagpapahalaga sa ating Wikang Pambansa at masigurong ang mga programang pangwika ay nakatutugon sa pangangailangan ng ating mga mag-aaral at guro.

3. Layunin ng Miting:
   - 3.1 Magbigay ng ulat ukol sa kasalukuyang kalagayan at mga nagawang hakbang sa pagpapalaganap ng Filipino sa paaralan at komunidad.
   - 3.2 Talakayin ang mga plano at inisyatiba para sa mas epektibong pagtuturo ng Filipino, kabilang ang mga bagong metodolohiya, materyales, at pagsasanay ng mga guro.
   - 3.3 Ipagpatuloy at paunlarin ang proyektong ARAL (Aksyon sa Wika, Edukasyon, at Pagpapaunlad), kabilang ang mga inaasahang resulta at susunod na hakbang.
   - 3.4 Magplano para sa mas makabuluhang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa, kabilang ang mga aktibidad, paligsahan, at parangal para sa mga natatanging tagapagtaguyod ng wikang Filipino.

Address: Mabini St., Brgy. Acacia, Catarman, 6400, Northern Samar
Telephone Nos: (055) 500 1020
Email Address: northernsamar@deped.gov.ph
Division Official Website: https://northernsamar.deped.gov.ph

Ang inyong aktibong pakikibahagi ay mahalaga upang makabuo tayo ng mga adhikaing angkop sa pangangailangan ng ating mag-aaral.

4. Ang mga gastusing nauukol sa pagsasagawa ng nasabing gawain, kabilang ang paglalakbay at iba pang kaugnay na gastusin ng mga kalahok, ay ilalaan mula sa lokal na pondo, alinsunod sa itinakdang mga alituntunin at regulasyon sa accounting. Ang memorandum na ito ay magsisilbing opisyal na pahintulot sa Paglalakbay ng mga kalahok."

Para sa gabay at pagsunod ng lahat ng kinauukulan.

GAUDENCIO C. ALJIBE, Jr. PhD.,Dhum.,CESO IV
Pansangay na Tagapamahala ng mga Paaralan

DepEd Northern Samar
RELEASED
By:
Date: JUL 02 2025

| MGA INAASAHANG DADALO | | |
|---|---|---|
| PANGALAN: | POSISYON | PAARALAN: |
| 1. CRISTINA M. GIRAY | P-IV | BSPC, BOBON |
| 2. MARIETA L. VILLAS | MT-3 | GALA, GAMAY |
| 3. MILEN ESTERIA | MT-2 | CAIS, CAPUL |
| 4. MARIA CARMELA L. OLCHONDRA | P-1 | LAO-ANG V, LAO-ANG |
| 5. EDUARDO S. MACAYAYONG | MT-1 | SAIS, PALAPAG |
| 6. MARY JOYCE LABANERO | P-1 | GES, SAN JOSE |
| 7. MARISA A. GALLANO | MT-2 | CIS, CATARMAN |
| 8. ANTHONY RUBENECIA | MT-1 | CVNHS, CATUBIG |
| 9. IAN ZANDRO C. DONCILLO | T-3 | SJTHS, SAN JOSE |
| 10. WILMAR B. SUMALISID | T-3 | LMASH, MONDRAGON |
| 11. EDD VINCENT TORTOLES | T-3 | ANHS, SAN ISIDRO |
| 12. JOHN MICHAEL BALUYOT | T-1 | BNHS, LAO-ANG |
| 13. RHINA D. CHAN | T-3 | CICS, CATARMAN |
| 14. HEINERICH A. YPULONG | T-3 | DJFANHS, SAN ROQUE |
| 15. CHRISTIAN TURLA | T-1 | SJTHS-SHS, SAN JOSE |
| | | |